REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 90-155**

**KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG PAGNANAIS NG PAMAHALAANG BAYAN NA MABILI ANG ISANG LAGAY NA LUPA NA DARAANAN UPANG MAKALAGOS ANG BARANGAY ROAD MULA SAN GUILLERMO HANGGANG PAMBANSANG LANSANGAN.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, sa mahabang panahon ay hinangad ng Barangay Putatan ang pagkakaroon ng Barangay Road na mag-uugnay sa daan Nasyonal at daan San Guillermo;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng Barangay Road sa Barangay Putatan ay makatutulong ng malaki, hindi lamang sa mga naninirahan sa nasabing Barangay kundi na rin sa pagsulong ng Barangay Putatan;

SAPAGKAT, hindi na halos makatugon ang kasalukuyang lansangan sa lumalaking pangangailangan ng ating mamamayan;

SAPAGKAT, sa pakikipag-ugnayan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan sa may-ari ng lupa na si G. ALEJANDRO ARCIAGA at dahil sa kapakanan ng bayan ay sumang-ayon ang may-ari na ipagbili ang nasabing lupa sa kahilingan na rin ng Sangguniang Bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, Ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila , ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na mabili ang lupang pag-aari ni G. Alejandro Arciaga sa halagang itatadhana ng Appraisal Komite.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA, sa kanilang pang-117 pangkaraniwang pulong ngayong ika-6 ng Agosto, 1990.

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 90-155

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO E. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

Mggl. RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

RRC/liz